

MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Makikibahagi ang mga estudyante sa mga talakayan, at magtatanong at sasagutin ang mga katanungan upang makakuha at kumpirmahin ang impormasyon tungkol sa kung paano natin ipinapakita ang paggalang sa bahay, sa paaralan, at sa komunidad.
- Makikipag-ugnayan ang mga estudyante sa iba upang tumuklas ng mga ideya at konsepto, magpabatid ng kahulugan, at bumuo ng mga lohikal na interpretasyon sa pamamagitan ng sama-samang pag-uusap.
- Sama-samang magtutulungan ang mga estudyante sa mga grupo.

MGA LAYUNIN

Mailalarawan ng mga estudyante kung ano ang ibig sabihin ng paggalang.

Makapagbibigay ang mga estudyante ng mga halimbawa ng mga paraan kung paano natin maipapakita ang paggalang sa paaralan, sa bahay, at sa komunidad.

Malalaman ng mga estudyante ang mga kahihinatnan na maaaring mangyari kapag hindi sila naging magalang sa paaralan, sa bahay, o sa komunidad.

MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Pisara o chart paper at mga marker (“Gagawin Ko” at “Gagawin Natin”)
- Activity sheet na “Pagpapakita ng Paggalang” (“Gagawin Ko”)
- Activity sheet na “Pagpapakita ng Paggalang” para sa bawat estudyante (“Gagawin Natin”)
- Activity sheet na “Mga Kard ng Sitwasyon sa Pagpapakita ng Paggalang” (“Gagawin Mo”)

Sabihin sa mga estudyante, “Ang paggalang ay isang salita na marahil ay narinig na ninyo dati. Ito ay isang salita na madalas gamitin ng inyong mga guro at mga magulang. Malamang na narinig mo nang ginagamit ito ng inyong mga coach o marahil ng iba pang matatanda. Itaas ang inyong kamay kung narinig na ninyo ang salitang ito dati. Ngayon, gusto kong kausapin ninyo ang isa ninyong kaklase at pag-usapan kung ano ang ibig sabihin ng pagiging magalang.”

Bigyan ang mga estudyante ng ilang minuto upang gawin ito, at pagkatapos ay hilingin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang tinalakay.

Kaalaming Ipinpresenta ng Guro/Gagawin Ko

15 Minuto

Ibigay ang kahulugan ng paggalang. (Ang paggalang ay ang damdamin at/o mga pagkilos ng isang tao sa ibang tao, sa ating sarili, at sa mga bagay.) Sabihin, “Ngayong araw, pag-uusapan natin ang mga paraan kung paano natin maipakikita ang paggalang sa paaralan, sa bahay, at sa komunidad.”

Ipakita ang activity sheet na “Pagpapakita ng Paggalang” kung saan makikita ito ng mga estudyante. Magbigay ng halimbawa kung paano ipinapakita ng mga tao ang paggalang sa bawat lugar sa activity sheet. (Kung gumagamit ng chart paper, doblehin ang activity sheet na “Pagpapakita ng Paggalang” bago ang aralin.)

Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/Gagawin Natin

20 Minuto

Ipasa ang activity sheet na “Pagpapakita ng Paggalang” sa bawat estudyante. Hilingin sa mga estudyante na ibahagi ang mga paraan kung paano nila ipinapakita ang paggalang sa paaralan, sa bahay, at sa komunidad.

Habang nag-iisip ang mga estudyante, gabayan sila na punan ang activity sheet ng ilan sa kanilang mga paboritong halimbawa para mabalikan nila ito kapag kailangan nila ng isang “magalang na paalala” kung paano kumilos nang naaangkop.

Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo

15 Minuto

Hatiin ang mga estudyante sa maliliit na grupo, at ibigay sa bawat grupo ang Mga Kard ng Sitwasyon sa Pagpapakita ng Paggalang. (Maaari kang pumili upang lumikha ng iyong sariling mga kard ng sitwasyon upang matugunan ang mga pag-uugali sa inyong silid-aralan, o maaari mong gamitin ang mga sitwasyon na ibinigay sa activity sheet na “Mga Kard ng Sitwasyon sa Pagpapakita ng Paggalang” na matatagpuan sa dulo ng aralin na ito.)

Hilingin sa mga estudyante na basahin ang kard sa kanilang grupo. Pagkatapos, hilingin sila na sama-samang suriin kung may paggalang ba ang mga karakter sa senaryo. Kung hindi sila naging magalang, dapat matukoy ng mga estudyante kung ano ang dapat gawin ng karakter upang maging magalang.

Hilingin sa mga estudyante na basahin ang kanilang kard ng sitwasyon sa buong klase at pagkatapos ay ibahagi sa kanilang grupo kung ano ang kanilang napagpasyahan. Kung napagpasyahan ng grupo na hindi magalang ang sitwasyon, hilingin ang mga estudyante na ibahagi kung ano ang magagawa ng karakter upang sila ay maging magalang. Pagkatapos, gabayan ang klase sa isang talakayan tungkol sa ilang mga kahihinatnan na maaaring mangyari sa bawat larangan kung ang isang tao ay hindi magalang.

Pagtatasa sa Estudyante

1. Bakit mahalaga para sa atin na maging magalang sa paaralan, sa bahay, at sa komunidad?
2. Anu-anong mga gantimpala ang matatanggap natin sa pagpapakita ng paggalang sa mga bagay na ito?
3. Anu-anong mga kahihinatnan ang maaaring mangyari sa atin kung hindi natin ipinapakita ang paggalang sa mga bagay na ito?

MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

PAGPAPALAWIG NG SINING

Hatiin ang mga estudyante sa pitong grupo. Bigyan ang bawat grupo ng isang piraso ng construction paper na may block letter mula sa salitang PAGGALANG. Ang grupo 1 ay may letra na “R.” Ang grupo 2 ay may “E,” hanggang makabuo ng ispelang na “PAGGALANG.” Hilingin sa mga estudyante na maghanap ng mga larawan sa magasin ng mga taong nagpapakita ng paggalang, mga salita na naglalarawan ng paggalang, mga taong kanilang nirepaggalang, atbp.; gupitin ang mga ito; at i-paste sa letra ng kanilang grupo upang makagawa ng isang collage. Bago simulan, ipaalala sa mga estudyante na magpakita ng paggalang sa kanilang mga kasamahan sa grupo habang nagdedesisyon sila kung aling mga larawan ang gagamitin at kung saan ilalagay ang mga ito sa letra. Kapag kumpleto na, ayusin ang mga indibidwal na letra sa isang banner upang i-spell out ang salitang “PAGGALANG” at i-display bilang paalaala.

PAGPAPALAWIG NG KULTURA

Talakayin ang kahalagahan ng magalang na pakikinig kapag nakikipag-usap at sabihin sa mga estudyante na may tatlong simpleng bagay na maaari nilang gawin upang ipakita na sila ay magalang na nakikinig: magtuon ng pansin, sumang-ayon, at tumugon. Upang pagtuunan ng pansin ang nagsasalita, ang isa ay dapat na tumingin sa mata at ibigay sa tagapagsalita ang kanilang di-nababahaging pansin; upang sumang-ayon sa tagapagsalita, maaaring ibuod ng isa kung ano ang sinabi ng tagapagsalita; at upang tumugon sa tagapagsalita, maaaring magtanong, magkomento, o magpatuloy sa pag-uusap. Pagkatapos ng talakayan, hilingin sa mga estudyante na tumayo at maglaan ng dalawang minuto upang libutin ang silid at makipagkamayan sa kanilang mga kaklase. Dapat na kasama sa bawat pakikipagkamay ang pagtingin sa mata ng dalawang tao, pagngiti, berbal na pagbati, at papuri. Pagkatapos ng aktibidad, tanungin ang mga estudyante kung ano ang nadarama nila nang mapansin sila at nipaggalang.

PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Hilingin sa mga estudyante na “gayahin” ang isang sitwasyon na nagpapakita ng paggalang.

Pagkatapos, hilingin sa kanila na magdagdag ng diyalogo.

PAGPAPALAWIG NG ELA

Talakayin sa mga estudyante ang mga paraan ng pagsasalita na nagpapakita ng paggalang

(halimbawa, ang pagsasabi ng “pakisuyo,” “salamat,” “walang anuman,” at “paumanhin”). Tanungin

kung kailan ang angkop na mga panahon para gamitin ang mga salitang ito.

PAGPAPALAWIG NG ELA

Hilingin sa mga estudyante na lumikha ng mga artistic acronym ng PAGGALANG. Tagubilinan sila

na ang bawat letra ay kumakatawan sa isang bagay na may kaugnayan sa ideya ng paggalang o sa

isang bagay na tinalakay sa aralin.

PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Maaaring tukuyin ng mga estudyante ang mga karakter na nagpapakita ng paggalang sa literatura

na binabasa nila sa paaralan at sa bahay.